Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

*Antipona*

Dumating na ang takdang panahon upang si Maria'y magluwal ng kanyang panganay na Anak.

## Pangkalahatang Panalangin

Kay Hesukristo, ang ating Tagapagligtas, na muling magbabalik nang may kadakilaan at matinding kapangyarihan, kami'y dumadalangin:

— Halina, Panginoong Hesus!

Panginoong Hesus, darating kang muli nang may kapangyarihang dakila,
Tunghayan ang aming kababaan at gawaran kaming karapat-dapat sa iyong pagpapala.

— Halina, Panginoong Hesus!

Dumating ka na siyang Mabuting Balita para sa sangkatauhan,
lagi nawa naming maipahayag ang iyong gawaing mapangligtas.

— Halina, Panginoong Hesus!

Nararapat kang papurihan, dahil ikaw'y may buhay at namumuno sa lahat ng bagay,
tulungan kaming umasa tungo sa pagdating ng iyong kaharian.

— Halina, Panginoong Hesus!

Hinihintay namin ang biyaya ng iyong pagdating,
aliwin kami ng biyaya ng iyong banal na buhay.

— Halina, Panginoong Hesus!

*Ama Namin*

Ama namin, sumasalangit Ka
Sambahin ang ngalan Mo

